# *Mga Batayang Kaalaman sa Pagsusulit Pangwika*

Lydia B. Liwanag, Ph.D.




# Lapit at Direksyon sa Pagtuturo ng Filipino

- Palakasin at palaganapin ang Filipino upang maging kumpetitibo ang Pilipino
- Pagpapatibay at pagpapasulong ng karunungan, kasanayan sa pakikipagtalastasan at wastong pag-uugali
- Tulay sa daigdig sa pagpapaabot sa karamihang Pilipino ng mga bagong kaalaman at kakayahan na dala ng teknolohiya at agham.

# Pagtuturo ng Filipino

| | | |
|---|---|---|
| 1950 – 1960 | Lapit na Gramatikal o Istruktural | Kayarian o porma ng wika |

↓

| | | |
|---|---|---|
| 1970 | Lapit na Komunikatibo | gamit ng wika |

# Awtentikong Paggamit ng Wika sa Iba't Ibang Sitwasyon

- Kaalaman sa mga tuntunin ng balarila o kakayahang panglinggwistika
- Kaalaman at kakayahan sa gamit ng wika sa mga sitwasyon o sosyolinggwistika

# Pokus sa Gramar o Balarila



**Layunin:** Natutukoy ang mga pang-uri sa pangungusap

Nakikilala ang iba't ibang uri ng pang-uri

**Pagsasanay:** Bilugan ang pang-uri sa bawat pangungusap.

Isulat ang uri ng pang-uri




# Pokus sa Gamit

**Layunin:** Nagagamit ang mga pang-uri sa paglalarawan

Nakapaglalarawan ng mga tao o bagay sa paligid

**Pagsasanay:** Ilarawan sa isang pangungusap o talata ang sumusunod:

1. kaibigan mo
2. alaga mong hayop
3. tirahan mo
4. napanood mong sine
5. bagong damit


Mga Layunin
Mga Karanasan Sa Pagkatuto
Pagsusulit

# Mga Prinsipyo ng Pagtataya ayon sa K-12 Kurikulum

Pagbibigay-diin sa Pagtataya para sa Pagkatuto sa Halip na Pagtataya sa Natutuhan

1. Ginagamit ang pagtataya bilang kagamitang panturo na naglalayon sa pagkatuto sa halip na pagbibigay lamang ng grado at ebalwasyon.

2. Ang mga mag-aaral ay aktibong partisipant sa pagtataya at nagagamit ang nilalaman ng pagtataya sa pagkatuto.



3. Parehong ginagamit ng guro at mag-aaral ang pagtataya upang mabago o mapabuti ang mga gawain sa pagkatuto at pagtuturo.



# Pagbibigay ng Pagsusulit na Dayagnostik Bago ang Pagtuturo bilang batayan sa:

1. Pag-aangkop ng pagtuturo para sa indibidwal o pangkat ng mag-aaral

2. Pagsusuri kung aling mga mag-aaral ang nangangailangan ng higit na pagsasanay

3. Pagpaplano kasama ang mga mag-aaral para sa mga kailangang istratehiya na pupuno sa puwang o gap sa pagkatuto.

4. Pagsasagawa ng mga *peer tutoring* o pagtatambal ng mga mag-aaral na mas mabilis matuto sa mga mag-aaral na may kabagalan.

# Mga Kalakaran sa Pagtatayang Pangsilid-Aralan

| Noon | Ngayon |
|---|---|
| Pagbibigay diin sa kalalabasan o resulta | Pagtataya sa proseso kung paano natuto |
| Hiwa-hiwalay ang pagtuturo ng mga kasanayan | Integratibo o magkakaugnay ang pagtuturo ng mga kasanayan |
| Pagsasaulo ng mga impormasyon | Aplikasyon ng kaalaman |

| Noon | Ngayon |
| --- | --- |
| Gamit ng lapis at papel na pagsusulit | Mga awtentikong gawain |
| Mga gawaing walang konteksto | Mga gawaing may konteksto o sitwasyon |
| Isa lang ang tamang sagot na mga pagsusulit | Maraming maaaring tamang sagot |
| Itinatago ang resulta ng pagsusulit, guro lang ang nakakaalam | Ang mag-aaral at maging ang magulang ang nakakaalam ng resulta |

| Noon | Ngayon |
|---|---|
| Isahan ang pagkuha ng pagsusulit | Pangkatan ang pagtataya |
| Ginagawa ang pagsusulit pagkatapos magturo | Ginagawa habang nagtuturo |
| Hindi gaanong malinaw sa mag-aaral ang resulta ng pagsusulit | Malinaw at nauunawaan ng mga mag-aaral ang tunay na nangyayari sa pagsusulit |
| Obhektibong pagsusulit | Mga pagsusulit na malaya sa pagsagot ang mga bata (constructed response tests) |

| Noon | Ngayon |
|---|---|
| Guro lang ang nagtataya | May sariling pagtataya |
| Isang paraan lang ng pagtataya ang ginagawa ng guro | Maraming paraan ang ginagawa |
| Hindi regular ang pagtataya ng guro | Patuloy ang pagtataya |



# Pagsusulit-Wika

| Tradisyunal na Pananaw | Makabagong Pananaw |
| --- | --- |
| Paggamit ng papel at lapis na pagsusulit sa pagtataya ng wika | Pasalitang pagsusulit, mga alternatibong pagtataya |
| Pagsusulit na ang nilalaman ay ang istruktura ng wika.<br>(1940,1950 - Structuralist)<br>(Surface-oriented Language Tests) | Pagsusulit na ang tinataya ay gamit ng wika – na may kahulugan at ayon sa mga pangangailangan – Meaning Oriented Language Tests |

| Tradisyunal na Pananaw | Makabagong Pananaw |
|---|---|
| Ang mga aytem ay binubuo ng mga obhektibong pagsusulit – na may isa lamang tinatanggap na sagot. | Ang mga aytem ay binubuo ng mga pagsusulit na ang mga sagot ay iba-iba ayon sa mga pagkakaiba-iba ng mga mag-aaral |
| Paggamit ng multiple-choice items – na hindi naman sumusukat sa kasanayan sa wika. | Pagbibigay laya sa pagsagot ng mga mag-aaral |

| Tradisyunal na Pananaw | Makabagong Pananaw |
| --- | --- |
| Ang mga pagsusulit bagamat sumusukat sa mga kasanayan- ngunit ang mga ito ay hiwa-hiwalay at walang kaugnayan sa isa't isa (diskrito) | Magkakaugnay na pagtataya sa kasanayan o pangkabuuang kasanayan sa wika ( integratibo) |
| Pagbibigay-diin sa pamantayan ng validity o reliability na siya lamang tagapagtaya kung ang pagsusulit ay balido o may halaga. | Sa pagsusulit sa wika ang mahalaga ay ang gamit ng wika sa makahulugang sitwasyon. |

| Tradisyunal na Pananaw | Makabagong Pananaw |
| --- | --- |
| Ang desisyon sa **ano** ang nilalaman ng pagsusulit at **paano** ito ibinibigay ay nasa guro lang. | Mahalaga rin na malaman ng mga mag-aaral o magbigay ng mungkahi ang mga mag-aaral sa gagawing pagsusulit. |
| Sa tradisyunal na pananaw ang pagsusulit ay isang paraan lamang ng pagbibigay ng grado o marka.<br><br>**P → Iskor → Marka/Grado** | Integral na bahagi ng instruksyon o pagtuturo - at siyang daan upangmatamo ang tinutungong layunin sa pagtuturo.<br><br>**P ↔ Pagkatuto** |

# Kahulugan ng Pagsusulit wika



Anumang gamit ng wika na maaaring tayain o bigyan ng grado. Ang lahat ng awtentikong gamit ng wika ay pagsusulit sa wika kung ito ay naaayon sa sitwasyon at may kahulugan at kumprehensyon.

# Mga Pagdulog sa Pagsusulit-wika

1. **Pagdulog na *Discrete-Point*** – gumagamit ng mga test na na sumusukat ng isang *(discrete)* elemento ng wika, hal., talasalitaan, balarila, pagbaybay

2. **Pagdulog na Integraytiv** – gumagamit ng mga aytem na sumusukat sa pang kalahatang kasanayahan tulad ng pasanaysay, interbyu, padikta, pag-unawa sa isang katha/teksto

3. **Pagdulog na Komunikatibo** – gumagamit ng mga aytem na sumusukat hindi lamang ng kung ano ang nalalaman ng mag-aaral tungkol sa wika at kung papaano gamitin ito kundi pati na rin kung hanggang saan kayang ipakita nito ang kanyang nalalaman sa isang makabuluhang sitwasyong pangkomunikatibo. May mga test na integreytiv ngunit hindi komunikatibo; ngunit lahat ng test na komunikatibo ay integreytiv. (*Not all integrative tests are communicative but all communicative tests are integrative*.)



# Mga Uri ng Test ayon sa Panahon ng Pagbibigay ng Test

1. **Formative Test** – ibinibigay sa panahon ng pagtuturo upang malaman kung anu-anong aspeto ng aralin ang alam na alam na; ang paggagrado ay ***pass-fail*** lamang.

2. **Summative Test** – ibinibigay sa pagtatapos ng panahon ng paggagrado; sinusukat ang kabuuan ng napag-aralan

# Mga Hakbang sa Paggawa ng Test

1. **Pagpasya sa Layunin ng Pagsusulit**
   Bakit magbibigay ng pagsusulit?
   Ano ang paggagamitan ng mga resulta ng test?

2. **Pagpaplano ng test sa pamamagitan ng paggamit ng talahanayan ng pagsusulit**


3. **Pagpili ng mga aytem at/o ng mga gawain**

4. **Pagsulat ng mga aytem**

5. Pagrepaso sa mga aytem (Judgmental Review)
6. Unang pagsubok sa test (First tryout) sa isang sampol
7. Pag-aanalisa sa mga aytem (Item analysis) Pagkuha ng mga indeks ng *difficulty (facility)* at *item discrimination*
8. Pagrebisa at pag-iimprenta ng test *(Revision and Reproduction of the Test)*

9. Pangalawang pagbibigay ng test

10. Pag-aaral ng resulta ng test at pagpapasya batay sa layunin ng test



# Mga Uri ng Pagsusulit-wika

**Diskrito**

**Integratibo**

**Iba pang pagsusulit**

# Mga Pagsusulit na Diskrito

- Ang mga pagsusulit na diskrito ay sumusulit lamang sa isang tiyak na elemento o bahagi ng wika (tunog, gramar, talasalitaan), sa isang kasanayan sa wika (pakikinig, pagsasalita, pagbasa, pagsulat).

- Layunin ng pagsusulit na ito na masuri o mataya ang mga kagalingan at kahinaan ng mga mag-aaral sa mga bahagi at kasanayan ng wika na naituro.

- Nagbibigay rin ito ng mga panlunas na pagtuturo para sa mga kahinaan ng mga mag-aaral na ipinakita sa pagsusulit.

- Ginagamit din ang resulta ng pagsusulit sa paghahanda ng mga kagamitan na tutulong sa mga mag-aaral sa mga bahaging nahihirapan sila.

- Kadalasan ay mga pagsusulit na diskrito ang ibinibigay ng mga guro sa klase sa dahilang ipinakikita ng resulta ng pagsusulit ang mga impormasyon na nauukol sa kalakasan o kahinaan ng mga mag-aaral sa partikular na bahagi ng wika o sa tiyak na kasanayang nilinang sa pagtuturo.

- Gayundin, madali para sa mga guro ang pagwawasto ng pagsusulit at pagbibigay ng marka sa mga mag-aaral. Natitiyak din ang pagkamaaasahan (reliability) at pagkabalido (validity) ng resulta ng pagsusulit.

- May masasabi ring mga kahinaan ang mga pagsusulit na diskrito sa dahilang hindi nito nasusukat ang aktwal na gamit ng wika ng mga mag-aaral.

- Walang pagsasanay para sa mga mag-aaral na magamit nang mabisa ang mga natututuhang kasanayan sa wika.

- Ito rin ay nangangailangan ng mahabang panahon at kasanayan sa parte ng guro para sa paghahanda.

# Halimbawa ng mga Pagsusulit na Diskrito

- Sa paghahanda ng mga pagsusulit na diskrito, ginagamit ang mga pagsusulit na obhektibo tulad ng maramihang pagpipiliin (multiple choice test) dalawahang pagpipilian (alternate response test) pagpupuno (completion form) pagtatapat-tapat (matching type test).

- Narito ang ilang halimbawa:

# Pagsusulit sa tunog o ponolohiya

1. Pakinggan ang mga pares ng salita na bibigkasin ng guro.

   **Isulat ang pares ng salita na magkatugma.**

2. Pakinggan ang sasabihin ng guro.

   **Isulat ang kahulugan ng pahayag ayon sa haba o hinto.**

3. Pakinggan ang mga salitang bibigkasin ng guro.

   **Isulat ang salitang naiiba ang bigkas/diin**

# *Pagsusulit sa bahagi ng wika o gramar*

1. Piliin ang salita na bubuo sa diwa ng pangungusap. Isulat ang tiitk ng sagot.

Nagdala ako ng payong _________ umuulan.

A. kaya

C. dahil

B. ngunit

D. subalit

2. Ilagay ang angkop na pananong sa pangungusap.

a. _______ ang kasama mo?

b. _______ ang kinain ninyo?

c. _______ kayo pumunta?

3. Pagtambalin ang mga pangngalan at pang-uri na magkaugnay.

| | |
|---|---|
| a. punungkahoy | 1. matapang |
| b. bayani | 2. malawak |
| c. parke | 3. malago |

4. Piliin ang angkop na salita para sa pangungusap.
   a. (Bumili, Bibili) sila ng bagong bahay sa Baguio sa bakasyon.
   b. Nagtatrabaho siya sa gabi (para, kaya) makatapos ng pag-aaral.

5. Ang pagsusulit sa pagtukoy ng mali o error recognition test ay isang uri ng pagsusulit na sinusubok ang kaalaman ng mga mag-aaral sa kayarian ng wika ayon sa konteksto. Iba't iba ang maaaring maging anyo ng stem ng pagsusulit na ito.

**Panuto: Piliin ang bahagi ng pangungusap na may mali. Isulat ang titik ng sagot. Kung walang mali, isulat ang titik E.**

a. Hinahati ang pangungusap sa apat na bahagi. Ang bawat bahagi ay may salungguhit at may nakasulat na titik sa ibaba.

Maagang nagising si Pedro at umigib sila ng tubig.

| Maagang nagising | si Pedro | at umigib | sila ng tubig. |
|---|---|---|---|
| A | B | C | D |

b. Nilalagyan ng guhit ang pagitan ng mga bahagi ng pinaghating pangungusap

Tuwing dumalaw sila/ sa amin/

A B

ay may dalang pasalubong/ para sa Nanay.

C D

c. Mga piling salita o parirala lamang ang sinasalungguhitan.

**Napagkayarian nila na hindi na pumupunta** sa

A B C

**Baguio sa darating na tag-init.**

D

d. Ang mali sa pangungusap ay maaaring isang salita o bahagi ng salita na nawala.

# Pagsusulit sa Talasalitaan

1. Piliin ang salitang hindi kasama sa pangkat.
   - A. bayanihan
   - B. sanduguan
   - C. santakrusan
   - D. Damayan
2. Gawing pandiwa ang sumusunod na salita.
   - A. tsinelas
   - B. damit
3. Ibigay ang kasingkahulugan
   - a. namatay: yumao; nalungkot: ________.
4. Piliin ang kahulugan ng salita ayon sa gamit sa pangungusap.
   - a. Malaki ang <u>puhunan</u> niya sa negosyo.
     - A. kapital
     - B. pawis
     - C. hirap
     - D. pagod




Pakikinig




Pagsasalita

# Pagsusulit sa mga Kasanayan




Pagbasa



Pagsulat



# Pakikinig

1. **Pakinggan ang pahayag. Piliin ang dapat na kasagutan sa pahayag.**

a. Pwede po bang magtanong?

A. Bakit hindi? C. Wala akong panahon.

B. Siguro naman. D. Oo, ano ang gusto mong malaman?

2. **Pakinggan ang balita. Bilugan sa inyong papel ang mga pangalan, bilang at petsa na nabanggit sa balita.**



# Pagsasalita

1. Ulitin ang mga pahayag na sasabihin ng guro.
2. Ibigay ang angkop na salita sa pahayag.

   Aalis ka ____ ba?
3. Gawing patanong ang pangungusap.


   Araw ng Barangay ngayon.
4. Baguhin ang aspekto ng pandiwa sa pahayag.

   <u>Sumama</u> sila sa Alay-Lakad.



# Pagbasa

1. Basahin ang sitwasyon. Piliin ang katangian ng tauhan.
2. Pagtambalin ang sanhi at bunga ng mga pangyayari
3. Piliin kung tama o mali ang pahayag ayon sa binasa.



# Pagsulat

1. Ilagay ang angkop na bantas sa talata.
2. Isulat nang buo ang mga dinaglat na salita.

# Mga Pagsusulit na Integratibo

- Ang mga pagsusulit na integratibo ay sumusulit sa ilang kasanayan at elemento ng wika nang sabay-sabay.

- Ang pagsusulit na pragmatic ay nabibilang sa integratibong pagsusulit.

- Ang mga pagsusulit na ito ay nangangailangan ng paggamit ng mga konteksto at makahulugang mga sitwasyon sa pakikipagtalastasan.

- Layunin ng mga pagsusulit integratibo na tayain ang pangkalahatang gamit ng mga elemento ng wika.

- Sa pagsusulit na ito iniuugnay ang gramar sa konteksto ng komunikasyon.

- Nagiging natural ang gamit ng wika batay sa mga pang-araw-araw na sitwasyon. Ang mga katangian ng pagsusulit na ito ay: a) madaling ihanda at nagbibigay ng higit na mapananaligang impormasyon tungkol sa kahusayan ng mga mag-aaral sa wika; b) ipinakikita sa pagsusulit ang aktwal na gamit ng wika.

- May mga kahinaan din na masasabi sa pagsusulit na integratibo tulad ng: a) mahirap o matagal ang pagwawasto para sa guro; b) nangangailangan ng panahon sa pagsagot sa parte ng mga mag-aaral at; c) nangangailangan ng maraming papel sa pagsagot.

# Halimbawa ng mga Pagsusulit na Integratibo

# *1. Pagsusulit Cloze*

Ang pagsusulit na cloze ay halimbawa ng pagsusulit na integratibo. Ito ay sumusukat sa pangkalahatang kasanayan sa wika. Ang kaalaman sa kayarian ng wika o gramar, pag-uugnayan ng mga salita sa teksto at kabuuang pag-unawa ng mga mag-aaral ang sinusukat ng pagsusulit na cloze.

# Ang hakbang sa paggawa ng cloze ay ang sumusunod:

1. Pumili ng tekstong akma sa mag-aaral.
2. Pagpasiyahan ang pagkaltas ng salita kung tuwing ikalima, ikaanim o ikasampung salita.
3. Isulat ang mga panuto at maghanda ng halimbawa.

# Sa pagpili ng teksto iwasan ang sumusunod:

1. iyong makaaantig sa damdamin ng mag-aaral;
2. iyong mga tumatalakay sa mga paksang kontrobersyal tulad ng pulitika, relihiyon at mga suliraning pang-ekonomiya;
3. iyong maraming katawagang teknikal, mga bilang, petsa at pangngalang pantangi.

- ✓ Kung handa na ang teksto, pagpasiyahan ang pagkaltas ng salita.
- ✓ Mainam na ang 25 hanggang 30 puwang o kaltas upang mapanaligan o maging reliable ang cloze test.
- ✓ Maaaring gumamit ng isang mahabang teksto o tatlong maiikling teksto na kakaltasan ng tigsampung salita.

- ✓ Kung mahaba ang teksto huwag kaltasan ang una at huling pangungusap. Kailangan ito upang mahinuha ng mag-aaral ang buod ng teksto.

- ✓ Bilangin ang natitirang salita at hatiin ito sa bilang ng kakaltasing salita. Halimbawa, kung ang natirang salita sa teksto, pwera ang una at huling pangungusap, ay 125 at kakaltasing salita ay 25, ang pagkaltas ay tuwing ikalimang salita.

Ang ilang uri ng cloze ay ang **basic, modified** at **oral cloze**. Sa basic cloze, maaaring fixed-ratio deletion ang gamitin.

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang talata na nasa ibaba. Punan ang mga patlang ng tamang impormasyon.

**REHIYONALISASYON**

Ang Pilipinas ay binubuo ng labimpitong rehiyon sa kasalukuyan. Pinagsama-sama ang mga magkakalapit na **1.**________ upang magkaisa sa pagpapaunlad ng **2.**________. Ang mga lalawigang magkakatulad ang 3.________ pisikal ay pinagsama-sama sa isang **4.**________. Ang pagkakahati ng mga rehiyon ay nagpapabilis sa paghahatid ng mga **5.**________ sa mga tao. May magkakaibang, **6.**________ relihiyon at kaugalian ang bawat **7.**________, ngunit sila ay nagkakaisa bilang **8.**________. Sa kabila ng pagkakahati ng **9.**________ sa mga rehiyon nanatiling **10.**________ ang kultura ng ating bansa.

Sa halimbawa, mapapansin na tuwing ikaanim na salita ang kinaltas at walang kaltas ang una at huling pangungusap. Sa selected-deletion cloze, pinipili ang mga salitang kakaltasin. Halimbawa, sa talata na ibinigay maaaring kaltasin ang mga pang-uri lamang o mga pang-ugnay.

Ang modified cloze ay katulad rin ng basic cloze sa uri ng teksto at sa pagkaltas ng salita. Naiiba lamang ito sa dahilang may pinagpipiliang salita ang mga mag-aaral. Iisa lamang ang tamang sagot dito. Madali ang pagwawasto nito ngunit mahirap mag-isip ng mga opsyon na pagpipilian. Ang mga opsyon ay dapat na magkapareho sa uri ng salita ngunit hindi magkasingkahulugan.

Panuto. Basahin at unawaing mabuti ang talata na nasa ibaba. Punan ang mga patlang ng tamang impormasyon. Piliin ang inyong sagot sa mga salitang nasa ibaba ng talata batay sa kasalukuyang bilang. TITIK lamang ang isulat.

## REHIYONALISASYON

Ang Pilipinas ay binubuo ng labimpitong rehiyon sa kasalukuyan. Pinagsama-sama ang mga magkakalapit na **1.** ____________ upang magkaisa sa pagpapaunlad ng **2.** __________. Ang mga lalawigang magkakatulad ang **3.** ______________ pisikal ay pinagsama-sama sa isang **4.** ______________. Ang pagkakahati ng mga rehiyon ay nagpapabilis sa paghahatid ng mga **5.** _____________ sa mga tao. May magkakaibang, **6.** ____________ rehiyon at kaugalian ang bawat **7.** _____________, ngunit sila ay nagkakaisa bilang **8.** ____________. Sa kabila ng pagkakahati ng **9.** ____________ sa mga rehiyon nananatiling **10.** _____________ ang kultura ng ating bansa.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| 1 | A. lalawigan | B. rehiyon | C. bansa | D. barangay |
| 2 | A. wika | B. kultura | C. kabuhayan | D. panitikan |
| 3 | A. katangiang | B. kaugaliang | C. serbisyong | D. pamahiing |
| 4 | A. bansa | B. rehiyon | C. lalawigan | D. barangay |
| 5 | A. pagmamahal | B. serbisyo | C. respeto | D. paggalang |
| 6 | A. wika | B. nasyonalidad | C. ideolohiya | D. pamahalaan |
| 7 | A. bansa | B. rehiyon | C. bayan | D. barangay |
| 8 | A. Pilipino | B. Hapon | C. Kastila | D. Amerikano |
| 9 | A. bayan | B. Pilipinas | C. Maynila | D. lalawigan |
| 10 | A. mabagal | B. mayaman | C. mahirap | D. mabilis |

Sa pagwawasto ng basic cloze, maaaring ang pagbibigay ng puntos ay sa mga tiyak na salitang kinaltas lamang (exact word method) o pagbibigay ng puntos sa kasingkahulugan ng salitang ayon sa konteksto (contextual appropriateness).

# *II. Pagsusulit C*

Ang C-test ay isang uri ng pagsusulit cloze na binubuo ng ilang maiikling teksto. Sa bawat teksto ang unang pangungusap ay iniiwan ng buo. Simula sa ikalawang pangungusap ang kalahati ng tuwing ikalawang salita ang kinakaltas. Kung ang salita ay binubuo ng apat na titik, halimbawa <u>saan</u>, <u>sa</u> lamang ang maiiwan at lalagyan ng puwang ang bahaging kinaltas (sa _______).Kung binubuo ng pitong titik ang salita, halimbawa <u>masigla,</u> mas lamang ang naiiwang bahagi (mas ____). Sa pagsusulit na ito isa lamang ang maaaring tamang sagot sa bawat bilang. Pansinin na sa Filipino sa huling bahagi ng salita ang kaltas di tulad sa Ingles na sa unang bahagi ng salita ang kaltas.

**Panuto: Ibigay ang nawawalang mga letra sa mga salita upang makumpleto ang talata.**

Nakikipagkalakalan ang mga barangay sa isa’t isa, ang pulo sa ibang pulo. Higit na aktibo ang kalaka______ sa mga lugar na mala______ sa mga baybayin kaysa mg____ panloob na dako. Panay an______ pagyayao’t dito ng mga bark_____ puno ng mga panindang gal_____ sa Luzon na kailangan n______ mga taga Visayas at Mind_____ at pagbabalik ay dala an_____ mga kalakal mula sa Visa_____ at Mindanao na gustong-gus_____ ng mga taga-Luzon.

# CLOZE ELIDE TEST

Panuto: Piliin ang pangungusap na hindi dapat mapasama sa talata. Isulat ang titik nito sa nakalaang patlang sa bawat bilang.

___________ 1. a) Ang aklat ay isang kaibigan. b) Ngunit kung minsan ay pinababayaan natin itong masira. c) Mula pagkabata'y kasa-kasama na natin ito. d) Nakakalibang ang mga tula at kuwentong nasa aklat. e) Ang mga larawan dito'y humahalina sa ating mga mata.

___________ 2. a) Kaygandang pagmasdan ang isang malinis na karagatan. b) Maasul-asul ang tubig at maraming uri ng isda ang naglalanguyan. c) Naglalakihan ang mga korales at kabibeng iba't iba ang hugis at kulay. d) Napupunta sa may dalampasigan ang ilan sa mga ito kapag tinatangay ng malalakas na alon. e) Karamihan sa mga barka ay nagtatapon ng dumi sa karagatan.

# *III. Pagsusulit na Padikta*

- Ang pagsusulit na padikta (dicto-composition) ay halimbawa rin ng mga pagsusulit na integratibo.

- Ito ay sumusukat sa mga kasanayan sa pakikinig, pagsulat, at pagkaunawa sa wika.

- Sa pagsasagawa nito, ang buong teksto ay idinidikta ng guro sa pamamagitan ng pagbasa nito. Maaari ring ang teksto ay nasa teyp.

- Tatlong beses babasahin ang teksto. Sa unang pagbasa, sa normal na bilis, makikinig lamang ang mga mag-aaral. Sa ikalawang pagbasa, isusulat nila ang bawat pariralang idinidikta. Sa ikatlong pagbasa, makikinig at isusulat ng mag-aaral ang mga salitang hindi nakuha sa ikalawang pagbasa.

- Sa pagwawasto sa ganitong pagsusulit, apat na uri ng kamalian ang isinaalang-alang; pagdaragdag sa salita, pagkakaltas o pagbabawas ng salita, pagpapalit ng salita at ang pagbabago ng ayos ng mga salita sa pangungusap. Ang maling baybay ay binabawas lamang sa iskor kung ito ay nagbibigay ng ibang kahulugan sa teksto. Halimbawa: pinatay – pumatay, mesa – misa.

- Sa makabagong paraan ng pagbibigay ng pagsusulit na ito, ang teksto ay hinahati sa ilang bahagi.

- Ang unang bahagi o segment ay binubuo ng dalawa o tatlong salita.  Padagdag nang padagdag ang dami ng ididiktang salita sa bawat segment o bahagi.

- Ang layunin ng pagsusulit na ito ay upang sukatin ang pangkalahatang kakayahan sa wika. Kung maisulat ng mag-aaral ang buong teksto, ibig sabihin nito ay nauunawaan niya ang kabuuang teksto na narinig at naisusulat niya ito nang maayos.

- Sa pagmamarka ng pagsusulit na padikta, bawat bahagi o segment na tama ay may puntos. Ang kabuuan ng puntos ay ayon sa dami ng bahagi ng teksto.

*Halimbawa:*

Ang Pilipino/ tulad ng/ sinumang tao/ sa ibang bahagi/ ng daigdig ay matalino/. Ngunit karamihan sa mga Pilipino/ ay hindi gumagamit ng tamang pag-iisip/ at pangangatwiran sa maraming kalagayan/. Ito ay sanhi ng kanyang kapaligirang kultural at sosyal/.

# *IV. Pagsulat ng Komposisyon*

- Ang pagsusulit na pagsulat ng sanaysay o komposisyon ay isa ring halimbawa ng integratibong pagsusulit.

- Sinusukat nito ang kasanayan ng mga mag-aaral sa paggamit ng mga bahagi o kayarian ng wika, kaalaman sa talasalitaan, paglalahad at pag-oorganisa ng mga ideya at paggamit ng mga dating kaalaman at iskima sa pagtalakay ng mga paksa.

Sa paggawa ng pagsusulit na ito kinakailangan ang sumusunod na patnubay:

a. Ang mga tanong na ibinigay ay dapat malinaw.
b. May sapat na inilaang takdang oras.
c. May katiyakan ang binibigyang-diin sa bawat tanong.
d. Ibagay sa lebel ng mag-aaral ang haba at bigat ng sagot.
e. Iwasan ang mga tanong tungkol sa mga isyung kontrobersyal tulad ng relihiyon, diskriminasyon sa lahi, atb.

# Halimbawa ng mga Pagsusulit na Pasanaysay o Komposisyon

Nagtala sina Monroe at Carter ng dalawampung uri ng pagsusulit na pasanaysay.

1. **Pagbabalik-tanaw sa isang paksa**

   Tanong: Ilarawan ang mga katangian ng isang babaing Pilipina.

2. **Pagpapahalaga sa isang paksa**

   Tanong: Magbigay ng limang dahilan kung bakit mahalaga ang wika sa pag-unlad ng bayan.

3. **Paghahambing ng dalawang bagay**

   Tanong: Paghambingin ang tradisyunal at makabagong pamaraan ng pagtuturo ng Filipino.

**4. Paghahambing ng dalawang bagay (general)**

Tanong: Paghambingin ang kultura ng mga Pilipino at ng mga Intsik

**5. Pangangatwiran (pagsang-ayon o hindi)**

Tanong:Dapat ba o hindi dapat gawing wikang panturo ang wikang Filipino sa lahat ng asignatura?

**6. Pagbibigay ng Sanhi ng Bunga**

Tanong: Sa iyong palagay, magkakaroon kaya ng suliranin sa pakikipagtalastasan kung isasama pa ang ibang wikain ng ibang rehyon? Patutuhanan ang iyong sagot.

**7. Pagbibigay kahulugan sa isang kaisipan/ salawikain.**

Tanong: Sumulat ng isang paglalahat tungkol sa iyong sariling pagpapakahulugan sa pag-ibig.

**8. Pagbibigay buod sa isang aralin o sa isang artikulong nabasa.**

Tanong: Ibigay ang maikling buod ng seleksyong "Gusto kong Maglakad" ni Lamberto Gabriel.

**9. Pagsusuri**

Tanong: Anu-ano ang mga katangian ni Manuel L. Quezon bilang Ama ng Wikang Filipino?

10. **Pagpapahayag ng pagkakaugnay ng dalawang bagay o paksa**

Tanong: Isulat ang kaugnayan ng mga pangyayari sa Noli Me Tangere sa kasalukuyang panahon

11. **Pagpapahalaga at pagbibigay halimbawa sa mga panuntunang inilahad.**

Tanong: Sumulat ng isang karanasan sa tahanan na nagpapakita ng iyong sariling disiplina.

**12. Pag-uuri-uri**

Tanong: Ipaliwanag ang mga uri ng polusyon sa ating paligid. Magbigay ng mga halimbawa

**13. Paggamit ng mga natutunang panuntunan sa iba't ibang sitwasyon.**

Tanong: Magbigay ng mga mungkahing paraan upang maiwasan ang trapik sa Maynila.

**14. Pagtatalakay**

Tanong: Talakayin nang maikli ngunit makabuluhan ang gamit ng wika sa ating pang-araw-araw na pamumuhay.

**15. Pagpapahayag ng mga tunguhin o balakin.**

Tanong: Sa iyong palagay, ano ang nagbunsod sa may akda upang talakayin ang paksa?

**16. Pagbibigay puna**

Tanong: Patunayan na ang mga Pilipino ay walang disiplina

**17. Pagbabalangkas (outlining)**

Tanong: Bumuo ng isang balangkas batay sa binasang editorial

**18. Pagbubuo muli ng mga natutunan.**

Tanong: Talakayin ang iba't ibang teorya at simulain sa paggawa ng pagsusulit base sa mga nabasa, tinatalakay at sa ating mga naranasan sa loob ng silid-aralan.

**19. Pagbabalangkas ng mga bagong tanong at suliranin**

Tanong: Sumulat ng isang talata na naglalahad ng iyong pananaw sa taong 2010.

**20. Pagbuo ng bagong pamamaraan**

Tanong: Mahalaga ba ang disiplinang pansarili? Ipaliwanag kung paano ito makakamit ng mag-aaral na tulad mo.



# Tatlong Uri ng Isang Balanseng Gawain sa Pagtataya

Pagtatayang Tradisyunal
(Pencil & Paper Tests)

→

Pagtatayang Pagsasagawa
(Performance Based Assessment)

- Paggawa/Pagpapakita
(Performance)
- Produkto/Ginawa
(Product)
  - Portfolyo

# Mga Alternatibong Pagtataya

Sa K-12 Batayang Kurikulum ng Edukasyon inaasahan na mababago ang pananaw sa larangan ng Pagtataya. Binibigyang diin sa K-12 na ang pagtataya ay ginagamit bilang kagamitang panturo tungo sa pagkatuto sa halip na isang paraan para sa layunin ng pagmamarka.

Ang mga mag-aaral ay aktibong kalahok sa pagtataya at nagagamit nila ang resulta ng pagtataya para sa sariling pag-unlad. Kaya dapat na ang mga pagtataya ay tumutulong sa mga mag-aaral na magtagumpay bilang malikhaing tagaganap na may kaalaman sa halip na tagaulit at taga-memorya ng ideya ng ibang tao.


# Pagtatayang Tradisyunal (Traditional Assessment)



1. Ito ay isang uri ng pagtataya na kilala sa tawag na lapis at papel na pagtataya o pagsusulit.
2. Dito binibigyan ng pagsusulit ang mga mag-aaral na pare-pareho ang tanong, oras, panuntunan at ang inaasahang sagot.
3. Madalas na sinusuri nito ang mga mababang antas ng kognitibong kasanayan.

4. Ang mga aytem sa pagsusulit ay maaaring ginagamitan ng mga salita, numero, simbolo o larawan kaya't ang mga madalas na nakakapasa ay ang mga taong may talino sa linggwistika, lohika/matematika o viswal.

5. Ginagawa ito lalo na kung ang nais ay obhektibong pamamaraan na pagmamarka at pagpili ng mga dapat parangalang pang-akademiko sa klase.



# Pagtatayang Pagsasagawa (Performance Assessment)

1. Ito ay isang uri ng pagtataya na kinakailangang aktwal na ipakita ng mga mag-aaral ang kasanayan na nais husgahan.
2. Tinataya nito ang mga matataas na antas ng kognitibong kasanayan at mga kasanayang pangsaykomotor.
3. Binibigyang-diin ang mga kasanayang maaaring isagawa sa totoong buhay.

# Pagtatayang Portfolyo (Portfolio Assessment)



1. Ito ay isang uri ng pagtataya na nangangailangan ng pagkolekta ng isang mag-aaral ng iba't ibang bagay na makapagpapatunay ng kanyang natutuhan sa klase.
2. Ito ay ginagawa nang may layunin at matagalan.
3. Nagbabago ang porma at laman nito ayon sa kagustuhan ng may-ari nito.

# Iba't ibang Paraan/Metodo ng Pagtatatayang Pansilid-aralan



| May Pinipiling Sagot (Selected Response) | Sariling Pagsagot (Constructed Response) | | | | | Obserba-syon ng Guro | Sariling Pagtataya |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| •Maramihang Pamimili<br>•Dalawahang Pamimili<br>•Pagtatapat-tapat<br>•Interpretativ | **Maikling Sariling Sagot na Aytem (Brief Constructed Response Items)** | **Pagsasagawa ng mga Gawain (Perfor-mance-Based Tasks)** | | **Pasulat/ Essay** | **Oral na Pagtata-nong** | •Formal<br>•Di-Formal | •Sarbey ng Atityud<br>•Talatunugan<br>•Imbentaryo<br>•Sosyometrik na mga kagamitan |
| | •Maikling Sagot<br>•Pagpu-puno (comple-tion)<br>•Paglalabel ng dayagram<br>•Pagpapakita ng ginawa | **Produkto**<br>•Proyekto<br>•Drowing/ Ilustrasyon<br>•Sariling tula o kwento<br>•Refleksyon<br>•Jornal<br>•Grap o Table<br>•Portfolio | **Kasanayan**<br>•Madulang Pagbasa<br>•Debate<br>•Pagsasalita<br>•Pagsasaki-los<br>•Demonstra-syon ng Gawain | •Kontro-ladong Pagsulat<br>•Mala-yang Pagsulat | •Impor-mal na pagtata-nong<br>•Interbyu<br>•Pagsu-sulit<br>•Kumpe-rensya | | |

# Mga Kalakaran sa Alternatibong Pagtataya at Pagtatayang Pagsasagawa

# Mga Bagong Pananaw / Kalakaran sa Pagtataya

Sa tradisyunal na pananaw, ang pokus ng pagtataya na ginagawa ng mga guro sa klasrum ay ang pagbibigay ng mga pasulat na pagsusulit. Ito ay namayani noong dekada 1970 at 1980.

Sa ngayon, lahat ng ito ay nagbabago na. Ang ebalwasyon at paghuhusga ng guro sa halip na mga pagsusulit ang ginagamit ngayon sa pagtataya o asesment. Ngunit hindi naman ito nangangahulugang aalisin na ang mga pagsusulit.

**Mga simulain sa pagtataya na magbibigay sa mga guro ng patnubay sa pagtataya sa iba't ibang antas. (Education Dept. of Australia, 1989).**

1. **Ang pagtataya ay dapat nakapokus sa pagkatuto. Ang layunin ay upang mahikayat, magabayan at maragdagan ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa halip na hulihin sila kung ano ang hindi nila alam.**

**Mga simulain sa pagtataya na magbibigay sa mga guro ng patnubay sa pagtataya sa iba't ibang antas. (Education Dept. of Australia, 1989).**

2. **Ang pagtataya ay dapat pantay-pantay (equitable). Ito ay nangangahulugang ang pagtataya ay dapat patas at angkop sa lahat ng mag-aaral kahit na magkakaiba pa ang kanilang kalagayan.**

3. Ang pagtataya ay dapat kaugnay ng layunin ng kurikulum at sistema ng edukasyon.

4. Ang pagtataya ay dapat tingnan ang limitasyon ng mga pamaraan ng pagtataya. Walang paraan o pamaraan ng pagtataya ang masasabing perpekto.

5. Dapat bawasan ng pagtataya ang kompetisyon at pataasin ang kooperasyon sa silid-aralan.


6. **Gawing bahagi ng pagtataya ang partisipasyon ng mga mag-aaral. Kung anuman ang layunin at paniniwala ng guro sa pagmamarka, kailangang may bahagi ang mga mag-aaral kung paano sila tatayain.**

7. **Kasama sa pagtataya ang makahulugan at patuloy na pagrereport o pagbibigay ng resulta ng mga ginawang pagtataya sa mga mag-aaral.**

# Asesment / Pagtatayang Pangsilid-aralan

**Ano ba ang pagtatayang pangsilid-aralan o classroom assessment? Ito ay mabibigyang kahulugan bilang isang koleksyon, ebalwasyon at paggamit ng mga impormasyon para matulungan ang mga guro na makapagbigay ng tamang desisyon sa pagtataya ng mga mag-aaral.**

# Apat na mahalagang component o bahagi ang pagtatayang pangsilid-aralan



# Mga Paraan ng Pagtataya sa Pagbasa at Pagsulat

A. Tradisyunal na Pamaraan ng Pagtataya

Ito ay ang mga pagtataya na karaniwang ginagawa sa silid-aralan gamit ang lapis at papel. Pare-pareho ang uri ng pagsusulit, panuntunan sa pagsagot at inaasahang sagot. Madalas na sinusuri nito ang mababang antas ng kognitibong kaalaman at kasanayan.

# Gawain sa Pagbasa:

## Pagbasa ng tekstong ekspositori: Paninigarilyo: Isang Epidemya

Mga Halimbawang Aytem

1. Pagpupuno: Natututong magsigarilyo ang mga kabataan dahil sa ______________________
2. Maikling Sagot: Paano nahihikayat ang mga kabataan na magsigarilyo? _________________
3. Dalawahang Pamimili: T M Barkada ang isa sa mga dahilan ng pagkalulong sa paninigarilyo.

4. Maramihang Pamimili: Alin sa mga sumusunod ang pinakamatinding epekto ng paninigarilyo?
    A. Sakit na kanser sa baga
    B. Pamamayat ng katawan
    C. Pag-itim ng labi
    D. Pagbaho ng hininga

## Gawain Bago Sumulat: Pagbasa ng Teksto

**Pagtataya sa Pagsulat: Isulat ang mga epekto ng paninigarilyo.**

**Pagtataya ng Malalim na Pag-unawa at Pagbibigay Katwiran**

**Dito tinataya kung paano ginagamit ng mga mag-aaral ang kanilang kaalaman para sa mas kumplikadong pag-iisip. Dalawang paraan na ginagamit ang papel at lapis ang magagamit dito, ang pagbibigay ng interpretasyon at mga tanong na sasagutin nang may paliwanag (essay questions).**

5. Maikling Sagot – Tinataya ang kasanayang mag-isip ng mga mag-aaral kapag sila ay hinihingan ng maikling sagot sa tanong o sitwasyon.

   Halimbawa: Maraming patalastas sa TV ang nanghihikayat na manigarilyo ang mga tao. Ano ang maaaring maging epekto nito sa mga kabataan?

6. Dalawahang Pamimili

| | | |
|---|---|---|
| K | O | Maraming kabataan ngayon ang naninigarilyo. |
| K | O | Tumutulong sa ekonomiya ang mga gumagawa ng sigarilyo. |

7. **Maramihang Pamimili**

**Halimbawa: Ano ang pangunahing ideya na inihahatid ng binasang teksto?**

- A. Dahilan ng paninigarilyo
- B. Epekto ng paninigarilyo
- C. Katangian ng mga taong naninigarilyo
- D. Masamang epekto ng paninigarilyo sa katawan

8. **Essay o Pasulat**

**Kontrolado o Restricted-Response Essay**

**Halimbawa: Bakit dapat iwasan ang paninigarilyo ng mga kabataan?**

**Ano ang nagagawa ng barkada sa bisyo ng paninigarilyo?**

# Malawak na Pagsulat

# (Extended-Response Essay)

**Halimbawa:**

**Ipaliwanag kung paano nakasasasama sa kalusugan ang paninigarilyo.**

**Magbigay ng halimbawa kung paano nakaaapekto sa pagtaas ng bilihin ang pagtaas ng presyo ng gasolina.**

# Mga Halimbawang Aytem sa Pagsulat na Tumataya sa Kasanayang Mangatwiran

| Kasanayan | Aytem |
|---|---|
| 1. Maghambing | Ilarawan ang pagkakaiba ng dalawang tauhan sa kilos at paniniwala. |
| 2. Iugnay ang Sanhi at Bunga | Ano kaya ang maaaring epekto ng palaging paggamit ng computer ng mga bata? |
| 3. Bigyan Katwiran | Ipaliwanag ang panig mo sa isyu ng pagpadadala ng cellphone sa klase. |
| 4. Magbigay ng Lagom | Ilahad ang mahahalagang impormasyon na nakuha mo sa sanaysay. |

# Mga Halimbawang Aytem sa Pagsulat na Tumataya sa Kasanayang Mangatwiran

| **Kasanayan** | **Aytem** |
| --- | --- |
| **5.** Maglahat | Bumuo ng mga kaisipan na nakuha mo mula sa binasang teksto. |
| 6. Magbigay hinuha | Ano sa palagay mo ang kahihinatnan ng ginawa ni ____________________? |
| **7.** Magpangkat | Pangkatin ang mga ideya ayon sa paksa. |
| **8.** Lumikha | Magbigay ng sarili mong wakas sa kuwento. |

# Mga Halimbawang Aytem sa Pagsulat na Tumataya sa Kasanayang Mangatwiran

| Kasanayan | Aytem |
|---|---|
| **9. Aplikasyon** | Ipakita sa isang sitwasyon ang kahulugan ng “ningas kugon.” |
| 10. Mag-analisa | Isa-isahin ang mga katangian ng tauhan ayon sa kanyang ginawa. |
| 11. Magbigay ng buod | Isulat ang buod ng binasang aklat. |
| 12. Maghusga | Ibigay ang kalakasan at kahinaan ng inilahad na paraan ng pagtitipid ng enerhiya. |

**B. Pagtataya Batay sa Pagsasagawa**

**( Performance Based Assessment )**

- Ito ay paraan ng pagtataya kung saan ang guro ay nagmamasid at naghuhusga sa ginagawang pagpapakita ng mga mag-aaral ng kanilang mga kasanayan o kagalingan sa pagbuo ng produkto, paglikha ng sagot, at pagpapakita o presentasyon
- Ito ay magkasamang paggawa at produkto (performance and product).

- Ang binibigyang diin ay ang kakayahan ng mga mag-aaral na maisagawa ang mga gawain at makalikha ng kanilang sariling produkto o gawa gamit ang sariling kaalaman at kasanayan. Ang terminong performance based assessment ay kapareho rin ng performance assessment.

# Mga Katangian ng Performance Based Assessment o Pagtatayang Batay sa Pagsasagawa

- Ang mga mag-aaral ay nagsasagawa, lumilikha, bumubuo o may ginagawang isang bagay.
- Malalim na pag-iisip at pangangatwiran ang tinataya.
- Patuloy ang pagsasagawa na maaaring abutin ng ilang araw o linggo.
- Hinahayaang magpaliwanag, magdepensa ang mga mag-aaral.
- Nakikita nang direkta ang pagsasagawa.
- Malaman ang mga ideya na ipinahahayag
- Walang isang tamang sagot.
- Ang mga gawain ay kaugnay ng tunay na nangyayari sa paligid.

# Mga Gawain o Tasks sa Pagtatatayang Batay sa Pagsasagawa

**Restricted Type Tasks –** isang tiyak na kasanayan ang sinusubok at nangangailangan ng maikling sagot. Maaaring maitulad ang mga gawaing ito sa mga tanong na kailangang sagutin sa pagsulat ng maikling talata o mga pagsasanay na nangangailangan ng interpretasyon na tulad sa mga aytem na may nawawalang bahagi na dapat punan ng mga mag-aaral (open-ended items).

**Mga halimbawa nito:**

- **Bumuo ng bar grap mula sa mga datos na ibinigay.**
- **Basahin ang artikulo sa pahayagan at sagutin ang mga tanong.**
- **Makinig sa isyu na pinag-uusapan sa TV at ipaliwanag ang iyong panig.**
- **Umawit o awitin mo ang awit.**
- **Bigkasin mo ang tula.**
- **Isulat sa isang talata ang kahalagahan ng pangangalaga sa mga kagubatan.**

**Extended type Tasks** – mas kumplikado, malawak at kailangan ang mahahabang panahon o oras sa pagsasagawa. Nangangailangan ito ng kolaboratibong gawain ng mga mag-aaral at ng maraming sanggunian o pagkukunan ng impormasyon.

# Narito ang mga halimbawa:

- Sumulat ng isang awit o tula at iparinig ito sa klase.
- Maghanda ng plano o mga hakbang sa paggamit ng mga basura.
- Magsagawa ng pananaliksik sa mga uri ng pagkain na binibili ng mga mag-aaral sa kantina at gumawa ng report tungkol dito.
- Magdesenyo ng isang patalastas para sa isang produkto.
- Maglathala ng isang newsletter ng inyong klase.

# Mga Alternatibong Paraan sa Pagtataya ng Pagbasa at Pagsulat

A. Gamit ng Portfolio sa Pagtataya ng Pagbasa at Pagsulat

Portfolio – mga piniling gawa o sampol ng ginawa ng mga mag-aaral na susuriin para tayain ang progreso ng mag-aaral.

- isang lalagyan o folder ng mga ginawa ng mga mag-aaral.

# Mga Maaaring Ilagay sa Portfolio

1. Mga pasulat na gawain ng mag-aaral, mga borador, rebisyon at pinal na gawa.

2. Mga balangkas o mapa ng kuwento na binasa.

3. Mga listahan ng mga binasang aklat o bibliograpi.

4. Listahan ng mga bagong talasalitaan na kinokolekta at ang kahulugan ng mga ito.

5. Mga litrato, proyektong papel, mga drowing o guhit.

6. Pangkatang ginawang papel, proyekto at produkto.

7. Pang-araw-araw na jornal ng mga personal na naiisip, refleksyon at ideya.

8. Mga isinulat na ideya na batay sa pag-uusap o talakayan sa klase.

9. Mga resulta ng ginawang interbyu, talatanungan ayon sa mga paksang pinag-uusapan sa klase.

10. Mga itinakdang sulatin mula sa binasa. Halimbawa: buod ng binasa, balangkas ng kuwento o artikulo, mga saloobin o pananaw, repleksyon, ebalwasyon at iba pa.

11. **Jornal o komposisyon, argumento, malikhaing pagsulat.**

12. **Mga sulat na ipinadala sa iba't ibang tao.**

13. **Mga ginawang sulatin sa labas ng silid-aralan.**

14. **Mga tinipong pagsusulit na pang-yunit o tungkol sa aralin na nakolekta sa isang kwarter.**

# Mga Layunin ng Pagtatatayang Portfolyo

1. Masuri ang progreso ng mga mag-aaral.
2. Magkaroon ng bahagi ang mga mag-aaral sa sariling pagtataya
3. Matukoy ang mga kalakasan at kahinaan ng pagtuturo.
4. Matulungan ang mga mag-aaral at guro sa pagtatakda ng mga layunin.
5. Mabigyan ng sapat na panahon para sa refleksyon ng mga nagawa ng mga mag-aaral.

6. **Mapalitan ang mga pagsusulit na pangkakayahan.**

7. **Mabigyan ng karapatan ng pag-aari, partisipasyon, motibasyon at damdamin ng pagtatagumpay ng mga mag-aaral.**

8. **Magsilbing proyekto sa huling bahagi ng semester o taon.**

9. **Mapag-ugnay ang pagbasa, pagsulat at pag-iisip na kasanayan.**

**Pagtataya sa Portfolyo. Ang mga mag-aaral, kapwa mag-aaral at guro ay magbibigay ng marka sa portfolyo gamit ang rubric.**

**B. Muling Pagkukuwento o Paglalahad (Retelling)**

**Isang paraan ng pagtataya sa pag-unawa ay ang muling pagkukuwento o paglalahad ng binasa (retelling). Sa mga babasahing pakuwento, karaniwang inaasahan na maibibigay ng isang mag-aaral ang mga bahagi o elemento ng kuwento: tagpuan, mga tauhan, banghay o mga pangyayari, suliranin ng tauhan, paksa at ang wakas nito. Sa mga bata sa elementarya, maaaring patnubayan sila ng mga tanong o prompts para maayos ang retelling.**

## Halimbawa:

**Kailan at saan nangyari ang kuwento?**

**Sinu-sino ang mga tauhan at mga katangian nila?**

**Ano ang suliranin ng tauhan?**

**Ano ang kinalabasan ng ginawa niya?**

**Paano nagwakas ang kuwento?**

**Sa mga tekstong ekspositori – narito ang ilang hakbang.**

a. Bigyan ng babasahing teksto ang mag-aaral ayon sa kanyang level ng kakayahan.

b. Obserbahan ang pagbabasa ng mag-aaral. Tinitingnan ba niya ang mga pamagat, paksa at ilustrasyon bago bumasa o binabasa na kaagad ang teksto.

c. Ipaulit sa mag-aaral ang binasa. Magbigay ng tanong: Sa inyong sariling pananalita, anu-ano ang mga impormasyon na nakuha mo mula sa teksto? Suriin ang ginawang pag-uulit ng mga kaisipan mula sa teksto. Nasabi ng mag-aaral ang lahat ng mahahalagang kaisipan o impormasyon na nasa teksto? Naibigay ba niya ang pangunahing ideya ng seleksyon? Nauunawaan ba niya ang binasa at naiuugnay ito sa sariling buhay o iba pang impormasyon?

d. Magbigay ng mga dagdag na tanong. Kung hindi mailalahad ng mag-aaral ang mga impormasyon mula sa teksto, itanong: Tungkol saan ang kabuuan ng seleksyon? Kung pangkatan ang pagtataya, ipasulat sa mga mag-aaral ang buod o lagom ng binasa sa ilang pangungusap. Suriin ang problema ng mga mag-aaral sa pag-unawa at itala kung paano sila natutulungan.

## C. Pagsasabi ng Iniisip (Think-Aloud)

Isang paraan para malaman kung paano pinoproseso ng mga mag-aaral ang teksto ay sa pamamagitan ng think-aloud. Sa paraang ito sinasabi ng mga mag-aaral kung ano ang naiisip nila habang nagbabasa. Ito ay nagpapakita ng proseso na ginagamit nila sa pag-unawa ng binabasa. Maaari itong maikli o informal. Maaaring itanong:

Tungkol saan ang teksto?

Paano mo nakuha ang pangunahing ideya na nasa teksto?

Anu-ano ang naiisip mo habang binabasa ito?

Ano sa palagay mo ang mangyayari? Bakit?

Ang think-aloud ay binuo ni Wade (1990) upang tayain ang kakayahan ng mga mag-aaral na magbigay ng hinuha o prediksyon, magbigay ng konklusyon, magbuod, iugnay ang binabasa sa dating kaalaman.

D. Mga Talatanungan

Isa pang paraan sa pagtataya ng pagbasa at pagsulat ng mga mag-aaral ay sa pamamagitan ng talatanungan. Isa itong uri ng di-tuwirang interbyu.

**Halimbawa: Talatanungan sa Pagbasa**

**Pangalan: ___________ Baitang/Taon: ________**

**Petsa: _________**

1. **Ikaw ba ay nagbabasa?**

   ______________________________

2. **Ano ang gusto mong basahin?**

   _______________________

3. **Ano ang gusto mo sa pagbabasa?**

   _______________________

4. **Kung papipiliin ka, ano ang gusto mong aklat o paksa na basahin sa klaseng ito?**

   ______________________________

5. **Anu-ano na ang nabasa mo na mairerekomenda mo sa mga kaklase mo? ______________________________**

6. **Ano ang maipapayo mo sa isang mag-aaral na nais maging magaling sa pagbasa sa Filipino o Ingles? ______________________________**

7. **Ano ang pinakahuling nabasa mo? ______________________________________**

8. **Ano ang naiisip mo tungkol sa binasa mo? _________________________________**

9. **Ano pa ang masasabi mo tungkol sa pagbasa na ginagawa mo sa bahay at sa paaralan? _________________________________**

# Talatanungan sa Pagsulat

1. Nagsusulat ka  ba? ______________________
2. Ano ang mga uri ng pagsulat ang gusto mong gawin sa ating klase?

   _______________________________
3. Ano ang maipapayo mo sa iba para maging mahusay sumulat?

   _____________________
4. Ano na ang mga naisulat mo?

   _________________________________
5. Ano ang palagay mo sa mga ito?

   _______________________________
6. Ano pa ang masasabi mo tungkol sa mga pagsulat na ginagawa mo sa bahay at paaralan? _________________________________

# Mga Tradisyunal at Pagsasagawang (Performance) Pagtataya sa Pagsulat (Elementarya/Sekondarya)

**WORKSHEET 1**

| | | |
|---|---|---|
| **Mga Kompetensi** | **Pagsusulit/ Testing** | **Pagsasagawa/Performance** |
| 1. Nagagamit nang wasto ang malaking titik sa:<br>- mahahalagang salita sa pamagat<br>- simula ng mga pangungusap<br>- tiyak na ngalan ng tao, lugar<br>- mga katawagang nauukol sa Maykapal | Pagsusulit ng mga salita na nagsisimula sa malaking titik | Paggawa ng mga poster o patalastas na ilalagay sa paligid ng paaralan.<br>Pagsulat ng pamagat sa gagawing portfolio<br>Pagsulat sa mga taong inaanyayahan para sa gagawing pagdiriwang/kaarawan<br>Kolaboratibong pagsulat ng dayalogo/ patalastas/ menu/ balita |

# Mga Tradisyunal at Pagsasagawang (Performance) Pagtataya sa Pagsulat (Elementarya)

## WORKSHEET 1

| Mga Kompetensi | Pagsusulit/ Testing | Pagsasagawa/Performance |
|---|---|---|
| 2. Naisusulat ang iba't ibang uri ng pangungusap na gumagamit ng angkop na bantas. | Pagpupuno (Completion type) | Pagsulat ng newsletter ng klase/ paaralan ng estudyante o sariling pananaw tungkol sa isang isyu. |
| 3. Nakasusulat ng talata tungkol sa isang paksa o isyu. | Pagsusulat ng talata o sulatin ayon sa itinakdang paksa. | Pagsulat ng liham paanyaya sa mga kaibigan para sa kaarawan/ programa sa paaralan |

# Mga Tradisyunal at Pagsasagawang (Performance) Pagtataya sa Pagsulat (Elementarya/Sekondarya)

**WORKSHEET 1**

| | | |
|---|---|---|
| **Mga Kompetensi** | **Pagsusulit/ Testing** | **Pagsasagawa/Performance** |
| 4. Nakasusulat ng iba't ibang liham pangkaibigan. | Pagsulat ng liham ayon sa itinakdang paksa. | Pagsulat ng liham sa editor ng pahayagan. |

## Mga Tradisyunal at Pagsasagawang (Performance) Pagtataya sa Pagbasa (Elementarya/Sekondarya) WORKSHEET 2

| Mga Kasanayan sa Pakikinig/Pagbasa | | |
|---|---|---|
| **Mga Kompetensi** | **Pagsusulit/ Testing** | **Pagsasagawa/ Performance** |
| 1. Nakukuha ang mga mahahalagang detalye ng teksto (talambuhay) | Maramihang Pamimili (Multiple Choice) | Time-line ng pagkakasunud-sunod ng mga datos |
| 2. Nakapagbibigay ng reaksyon sa kaisipang inilalahad ng teksto. | Maramihang Pamimili (Multiple Choice) | Pagsulat ng talata Pagsakilos |

# Mga Tradisyunal at Pagsasagawang (Performance) Pagtataya sa Pagbasa (Elementarya/Sekondarya) WORKSHEET 2

| Mga Kasanayan sa Pakikinig/Pagbasa | | |
|---|---|---|
| **Mga Kompetensi** | **Pagsusulit/ Testing** | **Pagsasagawa/ Performance** |
| 3. Naigagawa ng balangkas ang mga kaisipan/pangyayari sa kuwento | Sariling Pagsagot<br>Constructed Response Test | Dayagram ng pagkakasunud-sunod ng kaisipan at detalye |
| 4. Nakapagbibigay ng lagom o buod ng teksto (talambuhay) | Sariling Pagsagot<br>Constructed Response Test | Dula-dulaan<br>Pagsasatao<br>Pagsulat ng talata |

# Mga Tradisyunal at Pagsasagawang (Performance) Pagtataya sa Pagbasa (Elementarya/Sekondarya)
# WORKSHEET 2

| Mga Kasanayan sa Pakikinig/Pagbasa | | |
|---|---|---|
| **Mga Kompetensi** | **Pagsusulit/ Testing** | **Pagsasagawa/ Performance** |
| 5. Naibibigay / natutukoy ang sanhi at bunga ng mga pangyayari | Dalawahang Pamimili o Sariling Sagot | Pagsulat ng talata<br>Pagsakilos |

## Mga Tradisyunal at Pagsasagawang (Performance) Pagtataya sa Pagbasa (Elememtarya/Sekondarya) WORKSHEET 3

| Mga Kasanayan sa Pakikinig/Pagbasa (BEC) | | |
|---|---|---|
| **Mga Kompetensi** | **Pagsusulit/ Testing** | **Pagsasagawa/ Performance** |
| 1. Nabibigyang reaksyon ang pananaw, tono, layunin at saloobin ng akda. | Sariling Pagsagot<br>(Constructed Response Test) | Pagsasakilos<br>Madulang pagbasa |

# Mga Tradisyunal at Pagsasagawang (Performance) Pagtataya sa Pagbasa (Elementarya/Sekondarya)

# WORKSHEET 3

| Mga Kasanayan sa Pakikinig/Pagbasa | | |
|---|---|---|
| **Mga Kompetensi** | **Pagsusulit/ Testing** | **Pagsasagawa/ Performance** |
| 2. Nabibigyang kahulugan ang magkakaugnay na pahayag upang maibigay ang sanhi at bunga ng mga pangyayari<br>Napipili ang mga salitang magagamit para sa tiyak na sitwasyon | Maramihang pagpipiliang pagsusulit | Debate hinggil sa isang balita/ talumpati News Story/ Talumpati tungkol sa isang tampok na isyu mula sa akda |

# Mga Tradisyunal at Pagsasagawang (Performance) Pagtataya sa Pagbasa (Elementarya/Sekondarya)
## WORKSHEET 3

| Mga Kasanayan sa Pakikinig/Pagbasa | | |
|---|---|---|
| **Mga Kompetensi** | **Pagsusulit/ Testing** | **Pagsasagawa/ Performance** |
| 3. Naiuugnay ang mga kaisipan sa tekstong binasa sa mga pansariling karanasan<br>-aktwal<br>-naranasan<br>-nasaksihan<br>-narinig/nabasa | Sariling Pagsagot | Pagkukwento<br>Pagsasakilos<br>Pagguhit |

# Mga Tradisyunal at Pagsasagawang (Performance) Pagtataya sa Pagsulat (Elementarya/Sekondarya) WORKSHEET 4

| | | |
|---|---|---|
| **Mga Kompetensi** | **Pagsusulit/ Testing** | **Pagsasagawa/ Performance** |
| 1. Naisusulat nang wasto ang mga babala, patalastas o direksyon | Pagsulat ng patalastas, babala, tuntunin na gamit ang malaking titik at bantas | Pagsulat ng Poster/ bulletin board |

## Mga Tradisyunal at Pagsasagawang (Performance) Pagtataya sa Pagsulat (Elementarya/Sekondarya)
## WORKSHEET 4

| | | |
|---|---|---|
| **Mga Kompetensi** | **Pagsusulit/ Testing** | **Pagsasagawa/ Performance** |
| 2. Naisusulat ang mga tuntunin sa paaralan sa anyong payak na pangungusap | Pagsulat ng patalastas, babala, tuntunin na gamit ang malaking titik at bantas | Pagsulat ng Handbook hinggil sa mga tuntunin ng paaralan |

# Mga Tradisyunal at Pagsasagawang (Performance) Pagtataya sa Pagsulat (Elementarya/Sekondarya)
## WORKSHEET 4

| | | |
|---|---|---|
| **Mga Kompetensi** | **Pagsusulit/ Testing** | **Pagsasagawa/ Performance** |
| 3. Nakasusulat ng liham | Pagsulat ng mga bahagi ng liham | Pagsulat sa editor |
| 4. Nakasusulat ng talatang naglalahad ng tao, lugar o pangyayari | Pagsulat ng talata ayon sa modelo | Malayang pagsulat ng komposisyon ayon sa mga paksa o isyu sa paligid |

# Mga Tradisyunal at Pagsasagawang (Performance) Pagtataya sa Pagsulat (Elementarya/Sekondarya)
## WORKSHEET 4

| | | |
|---|---|---|
| **Mga Kompetensi** | **Pagsusulit /Testing** | **Pagsasagawa/ Performance** |
| 5. Nakasusulat ng talatang naglalarawan ng ng tao, lugar o pangyayari | Pagsulat ng talata ayon sa modelo | |
| 6. Nakasusulat ng talatang nangangatwiran tungkol sa isang isyu | Pagsulat ng talata ayon sa modelo | |

# WORKSHEET 3:
# Pagtatambal ng mga Kasanayan at Pagtataya

**Direksyon: Nakatala sa ibaba ang mga kasanayan/kompetensi sa pagbasa at pagsulat. Isulat ang angkop na paraan ng pagtataya o assessment para sa bawat kasanayan.**

| Mga Kompetensi | Tradisyunal | Di- Tradisyunal |
|---|---|---|
| **Pagbasa**<br>1. Natutukoy ang mahahalagang detalye sa kuwento.<br>2. Nasasagot ang mga tanong ayon sa binasa.<br>3. Nasasabi/natutukoy ang mga pangyayari.<br>4. Nakapagsusunud-sunod ang mga pangyayari.<br>5. Nakapagbibigay ng angkop na hinuha o palagay sa binasa. | | |

## WORKSHEET 3:
## Pagtatambal ng mga Kasanayan at Pagtataya

| Mga Kompetensi | Tradisyunal | Di- Tradisyunal |
|---|---|---|
| **Pagsulat**<br>1. Nagagamit ang malaking titik sa pagsulat ng mga pangngalang pantangi/pamagat at simula ng pangungusap.<br>2. Naisusulat ang iba't ibang uri ng pangungusap na gumagamit ng malaking titik at bantas.<br>3. Natutukoy ang mga bahagi ng liham pangkaibigan at nakasusulat ng halimbawa nito.<br>4. Nakasusulat ng talata tungkol sa isang paksa. | | |

# SILABUS/BLUEPRINT NG PAGSUSULIT

| Kasanayan/ Layunin (Skills/ Objectives) | Bahagdan (Weight) | Bilang ng Aytem (No. of Items) | Teksto na Gagamitin (Stimulus/ Text) | Uri ng Sagot (Response) | Uri ng Aytem (Item Type) | Halimbaw ang Aytem (Sample Item) | Kinalalagyan ng Aytem (Item Placement) |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | | | |

# Maraming salamat po!

